# SINO KA BILANG PINOY? PAGLALAKBAY SA WIKA AT PAGKAKAKILANLAN

*by:*
**Delca B. Gloria**
*Teacher III, Liyang Elementary School*

Ang bawat Pilipinong naglalakbay sa landas ng ating wika ay dala ang isang mahalagang tanong: Sino ka bilang isang Pilipino? Alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, taunang ipinagdiriwang ang Buwan ng Wikang Pambansa mula Agosto 1–31 bilang paalala na ang wika ay higit pa sa kasangkapan ng komunikasyon kundi ito ay tagapag-ingat ng ating kasaysayan at tagapagdikit ng ating pagkakakilanlan. Sa temang "Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa," hinihikayat ang bawat mamamayan na pagyamanin ang Wikang Filipino at ang iba't ibang katutubong wika bilang tulay ng pagkakaisa at pagtangkilik sa ating mayamang kasaysayan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang Wikang Filipino ay bunga ng mahaba at makulay na kasaysayan ng pakikipag-ugnayan, palitan, at pag-angkop mula sa sinaunang pananalita ng ating mga ninuno, sa impluwensiyang banyaga, hanggang sa patuloy na pagsisikap tungo sa pambansang pagkakaisa. Sa pagpapalago ng Wikang Filipino at ng mga katutubong wika, mas napapalalim natin ang pag-unawa sa ating mga kuwento, paniniwala, at pagpapahalaga. Hindi lamang nito pinayayabong ang panitikan at sining, kundi humuhubog din ito ng pambansang pagkakakilanlan na handang sumabay sa pagbabago ngunit nananatiling matatag sa sariling pinagmulan.

Hindi sukatan ng pagiging higit o kulang ang pagkakaiba ng Pilipino sa ibang lahi.

Sa halip, ito ay pagkilala sa natatanging ambag ng ating bayan tulad ng malalim na pakikiramay, malikhaing pag-aangkop, at matibay na hangaring mapanatili ang sariling

kultura habang nakikipag-ugnayan sa iba't ibang bansa gaya ng Amerika, Espanya, Hapon, Tsina, at Korea. Sa pamamagitan ng ating wika, mga pamahiin, at tradisyon, naipapakita natin ang mga pagpapahalagang tulad ng kolektibismo, diwang bayanihan, at paggalang sa pamilya at matatanda, mga katangiang hinahangaan at nagsisilbing tulay sa pag-unawa at respeto sa iba't ibang kultura sa buong mundo.

Katuwang ang Kagawaran ng Edukasyon, isinasagawa ang iba't ibang programa at patimpalak gaya ng deklamasyon, pagtula, pag-awit ng katutubong awitin, at pagsayaw ng mga folk dance upang ipagdiwang ang Buwan ng Wika. Sa ganitong paraan, nagiging tagapangalaga ng wika at kultura ang mga guro, mag-aaral, at iba pang kawani ng pamahalaan.

Sa huli, anatiling mahalagang tanong: Sino ka bilang Pilipino?

Bilang isang Pilipino, ikaw ay tagapagsalin ng kasaysayan gamit ang salita at gawa na may tungkuling ingatan, pagyamanin, at ipamana ang wika at kultura bilang ilaw ng pagkakaisa. Ang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa ay panawagan sa bawat isa na tanggapin at isabuhay ang Wikang Filipino at mga katutubong wika bilang saligan ng ating pagkakakilanlan. Sapagkat ang pagiging Pilipino ay hindi lamang nasusukat sa dugo o lupang sinilangan, kundi sa pusong pumipiling ipagmalaki, pangalagaan, at ialay ito sa susunod na henerasyon.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997 — pagdedeklara ng Buwan ng Wikang Pambansa (Agosto 1–31)

Komisyon sa Wikang Filipino — anunsyo at paglunsad ng temang Buwan ng Wikang Pambansa 2025. computational thinking. Journal of the International Council for Small Business, 1–12. https://doi.org/10.1080/26437015.2024.2403030